Tagalog

Vol.30 | 2023.01

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



Paghahanda para sa pagpasok ng mga bata sa paaralan

## Maghanda tayo para sa tagsibol

### 【Oryentasyon bago pumasok sa elementary school】

Alam mo ba ang tungkol sa mga elementary school sa Japan? Ang GOCA ay magdaraos ng "Oryentasyon bago pumasok sa elementary school" para sa mga magulang na may kaugnayan sa mga dayuhan. Para sa mga detalye, mangyaring kumpirmahin ang website.

Sa araw ng oryentasyon, magkakaroon ng pagpapaliwanag tungkol sa mga kinakailangang school supplies at kaganapan sa elementary school, at magkakaroon din ng pagkukuwento ng mga karanasan ng mga senior na magulang at pulong ng palitan.

Mga maaaring sumali: Mga magulang na may kaugnayan sa dayuhang bansa at anak na nasa ika-3 baitang sa kindergarten o ika-2 baitang sa kindergarten



* Mayroong interpreter (Ingles, Intsik, at iba pa)
* Mayroong childcare (kailangang mag-apply). Humigit-kumulang unang 5 katao (mga batang 1 ½ taong gulang hanggang sa mga papasok sa elementary school)






Enero 28, 2023 (Sabado)
Oras: 1:00 pm – 3:00 pm

Libre

Ota International Exchange Center (Minto Ota)
Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981　FAX 03-6410-7982
E-mail　mail@ota-goca.or.jp



©Ota City

Paghahanda para sa paaralan ng mga bata

## 【Lecture sa Wikang Hapon para sa mga Dayuhang Magulang na “Basahin ang mga Handout mula sa Paaralan”】


©Ota City

Namomoblema ka bang basahin ang mga handout na mula sa paaralan? Alamin kung paano basahin ang mga handout, paano hanapin ang mga mahahalagang bahagi, at ang mga salitang madalas lumabas sa mga handout. Mga maaaring sumali: Mga dayuhang magulang na may anak sa elementary at junior high school

Mga dayuhang magulang na may anak na inaasahang papasok sa elementary school sa FY 2023. Mga nakakabasa ng hiragana at katakana. Maaaring pumili kung kukuha ng klase sa silid-aralan o online (Zoom)!



Pebrero 15, 22, Marso 1, 8, at 15 (Miyerkules), 2023
6:00 pm – 8:00 pm

Ota International Exchange Center (Minto Ota)
Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku

Libre    Unang 15 katao

**Childcare**

Mayroong childcare. Unang 3 katao. Para sa mga batang 1 taong gulang hanggang sa mga papasok sa elementary school
Kinakailangan ng advance application.

Application form:
https://forms.gle/cHJNMZ4SLddybp3N6
O mag-email, tumawag, o magpadala ng FAX sa tanggapan. Ito ay dapat dumating bago Enero 31 (Martes)

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981
FAX 03-6410-7982
E-mail mail@ota-goca.or.jp

Paghahanda para sa paghahanap ng trabaho

## 【Lecture sa “Wikang Hapon ng Nursing Care”】



Para sa mga interesado o nagsimula na sa trabaho ng nursing care, magsasagawa kami ng lecture sa “Wikang Hapon ng Nursing Care” upang makapagtrabaho kayo nang kumportable. Maaaring matuto ng wikang Hapon at pakikipag-ugnayan na ginagamit sa trabaho ng nursing care at iba pa. Maaaring sumali ang mga first-time learners at mga di-gaanong pamilyar sa trabaho ng nursing care. Gusto mo bang mag-aral kasama namin? Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website.

Enero 29 (Linggo) – Marso 19 (Linggo), 2023
Kada Linggo 1:30 pm – 4:30 pm *balak

Ika-2 palapag ng Ota International Exchange Center (Minto Ota), 4-16-8 Kamata, Ota-ku

Libre

20 katao
*Mga naninirahan, nagtatrabaho, at nag-aaral sa Ota City
*Mga 16 taong gulang pataas
*Mga kayang magkaroon ng simpleng pag-uusap/komunikasyon sa wikang Hapon at mga marunong magbasa ng mga teksto na nakasulat sa hiragana, katakana, at simpleng kanji

Application form:
O mag-email, tumawag, o magpadala ng FAX sa tanggapan. Ito ay dapat dumating bago Enero 31 (Martes)

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981  FAX 03-6410-7982  E-mail mail@ota-goca.or.jp

Administrative impormasyon ng Ota City

# 【Tungkol sa pagbabayad ng resident tax】

Sa Enero 31 ang deadline ng pagbabayad ng 4th quarter municipal resident's tax/metropolitan resident's tax. Mangyaring huwag kalimutang magbayad. Para sa konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tignan ang website ng Lungsod ng Ota.

Tax Payment Division
☎ 03-5744-1205
FAX 03-5744-1517

# 【Ika-13 Gurutto ng 5 Town Assembly! Minemachi Quiz Rally】

Ito ay isang quiz rally kung saan ang mga lalahok ay maglalakad o magbibisikleta sa paligid ng bawat spot sa limang town assembly sa Minemachi area at sasagutin ang mga set quiz at keyword problems. May premyong ipamamahagi sa Minemachi Branch Office para sa mga nasagutan ang lahat ng quiz. Ang polyeto na ginagamit habang sumasagot ng quiz ay ipinamamahagi sa branch office, town assembly, website ng branch office, at iba pa. Siguraduhing lumahok!




Pebrero 13 (Lunes) – 19 (Linggo), 2023

Bawat spot sa limang town assembly sa Minemachi area at Minemachi Branch Office (7-1 Den-enchofu-Honcho, Ota-ku)

Libre

Hindi kailangan ng advance application

Minemachi Branch Office
☎ 03-3722-3111　FAX 03-3721-1493
E-mail　minemati@city.ota.tokyo.jp

## Ota City Quiz (Alamin nang husto ang Ota City!)

Narito ang tamang sagot ▶

**T1** Ano ang city flower ng Ota City?

❶ Hydrangea (Ajisai)
❷ Japanese Plum (Ume)
❸ Cherry Blossom (Sakura)

**T2** Mayroong ang karakter na may motif na ibon sa Ota City. Sino ito?

❶ O-chan



❷ Hanepyon



©Ota City

❸ Kanon-chan



# 【“Magbasa ng Maraming Simpleng Hapon” Workshop】

Ito ay isang workshop para sa mga dayuhan upang makapagbasa sila ng maraming wikang Hapon na libro na nakasulat sa “Simpleng Hapon”, na naiiba sa wikang Hapon na sinasalita ng mga Hapones o libro gaya ng mga nobela na nakasulat sa wikang Hapon. Ang antas ng mga libro ay nakahati mula beginner hanggang advanced, at magbabasa ng mga librong nasa antas na nababagay sa iyo. May malawak na hanay ng topic ang mga libro, mula sa mga sinaunang kuwento ng Japan hanggang sa literature, at maaaring din masiyahan na matutunan ang mga kaugalian, kultura ng Japan, at iba pa.



Marso 12, 2023 (Linggo) 2:00 pm – 4:00 pm

Libre


15 katao (kailangan ng reserbasyon) kahit sino na interesado sa wikang Hapon

Personal na pumunta sa tanggapan, magpadala ng FAX o tumawag at ibigay ang iyong ①pangalan, ②bansang pinagmulan, at ③contact information

Omori-Minami Library
☎ 03-3744-8411　FAX 03-3744-8421

Omori-Minami Library (1-17-7 Omori-Minami, Ota-ku)

■ Access
Malapit sa “Maenoura” bus stop sa Keikyu Bus (papuntang Morigasaki)




# 【Picture Book Story Time sa Ingles】

Ang storyteller volunteer na si “Lupinus” ay magbabasa ng picture book sa Ingles, gagamit ng mga hand-gestures, kakanta, at iba pa. Sa pagiging pamilyar sa wikang Ingles sa pamamagitan ng picture book, magbibigay ito sa inyo ng kapaligiran na nagpapaunlad ng inyong kaisipan.

Kada ika-4 na Sabado ng mga even-number na buwan (Pebrero, Abril. Hunyo, Agosto, Oktubre, at Disyembre) Mula 11:00 am

Libre


5 grupo (bawat sesyon)

Kailangan ng reserbasyon (tumawag o personal na pumunta sa tanggapan)

Ikegami Library
☎ 03-3752-3341　FAX 03-3752-9749

Ikegami Library
Ika-4 na palapag ng Etomo Ikegami, 6 Chome 3-10 Ikegami, Ota-ku

■ Access
Ika-4 na palapag ng “Etomo Ikegami” na commercial facility na direktang konektado sa Ikegami Station sa Tokyu Ikegami Line




Inisyu ng　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-0052 Ota International Exchange Center (Minto Ota) Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku, Tokyo
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323
Ang information paper na ito ay iniisyu nang 8 beses kada taon sa 6 na wika (madaling Hapon, Ingles, Instik, Nepalese, Tagalog, Vietnamese). Ipinamamahagi ito sa mga city facilities tulad ng library, children's hall at branch office, at mga pangunahing city station tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Kamata.